CITY OF LONG BEACH

Taong Piskal 2023 Panukalang Budget

COMMUNITY BUDGET SUMMARY

PAGSUSURI NG BUDGET
SA PISKAL NA TAON NG 2022

LONG BEACH RECOVERY ACT
$271.3 MILLION

MAHIGIT SA 80 NA PROGRAMA ANG DINSENYO AT PINATUPAD

MAHIGIT SA $8 MILYON ANG NABIGAY SA **700 NA LOKAL NA NEGOSYO AT MGA NONPROFIT NA ORGANISASYON**

$44.5 MILYON NA AYUDA SA UPA SA HALOS **6,100 NA MGA RESIDENTE**

SIMULA NUNG 2020, **MAHIGIT SA 880 NA ABOT KAYANG MGA YUNIT NAKOMPLETO, NASA ILALIM NG KONSTRUKSYON O PINAPANUKALA** SA BUONG LUNGSOD

PATULOY AT MGA **PINALAKING PROGRAMA NG PROYEKTONG ROOMKEY, DAGDAG NA 26 NA MGA SILID** AT **TOTAL NA 274 NA MGA SILID**

TINANGGAL ANG 1.25 SQ.F5. NA GRAFFITI

TINANGGAL ANG MAHIGIT NA 2,100 TONELADANG BASURA AT MGA PINABABAWAL NA MGA BASURANG TINAPON MULA SA MGA PUBLIC RIGHTS OF WAY, ESKINITA AT MGA MA-TRAFFIC NA DAANAN NG NEGOSYON

MAGHIT SA **40,000 NA MGA POTHOLES ANG NAAYOS**

NAGDAGDAG NG 52 NA SHELTER NA MGA KAMA SA LOOB NG DALAWANG TAON, **NA NGAYON MAY KAPASIDAD NA 994**

MAHIGIT SA 1,000 NA BISITA SA **SA IBA'T IBANG MGA HOMELESS ENCAMPENTS,** NAKAPAGBIGAY NG **OUTREACH SA 1,800 NA KATAONG DUMARANAS NG KAWALANG NG BAHAY**

NAKABAWI NG 112 NA ARMAS AT **NAKAPAGSAGAWA NG MGA ARESTONG MAY KAUGNAYAN SA MGA BARIL**

TUMUGON SA MAHIGIT SA 76,000 NA INSIDENTE NG SUNOG, KALIGTASANG PAGNDAGAT AT IBA PANG EMERHENSIYA

NAITAGUYOD ANG BACKUP 9-1-1 CETER NA MAY 14 ESTASYON NG TRABAHO

NAGLUNSAN NG **11 NA MIYEMBRO NA YOUTH ADVISORY COUNCIL**

PATULOY ANG **PAGPATUPAD NG UNANG PLANO NG PAGPAPATUPAD NA AKSYON SA KLIMA**

BAGONG TICKETING LOBBY AT **CHECKED BAGGAGE NA SISTEMA NG INSPEKSYON SA AIRPORT** AY NAKOMPLETO

MAGAHIT SA **2,000 NA MGA KIT PARA SA LITERACY DEVELOPMENT NA PINABAHAGI SA** MGA MAGULANG

MENSAHE MULA SA CITY MANAGER

Ikinagagalak ko a ipresenta sa inyo ang Pinanukalang Budget para sa Piskal na Taon 2023 (FY23). Itong budget na ito ay tinaguyod sa mahalagang panahon ng transition. Habang ang Lungsod ng Long Beach (Lungsod) ay patuloy sa pag-ahon mula sa mga pang-matagalang mga implikasyon ng pandemya ng COVID-19, ang Lungsod ay mananatiling mananagot sa pagbigay ng mga kritikal na serbisyong pampubliko, pagbigay ng priyoridad sa tulong sa pag-ahon para sa mga residente at mga negosyo, at pagpondo sa mga imprastuktura ng Lungsod.

Pinagmamalaki ko ang lahat ng nagawa ng Lungsod sa panahon ng pagsubok, at habang kinikinita natin ang FY23, nanatili akong may pananagutan sa pagpaunlad ng budget ng Lungsod na nagtutugon sa pabagobagong pangangailangan ng ating komunidad. Ang panukalang Budget ng FY23 ay magsasagawa ng mga mahalang pagpopondo sa maraming lugar na walang pagdagdag sa pagkukulang na estruktural sa Heneral na Pondo.

Kasama sa mga lugar na priyoridad ay ang mga sumusunod:

- **Pagtugon sa Homelessness o Kawalang nga Bahay**
- **Kaligtasan ng Komunidad**
- **Pagkapantay-pantay, Inklusyon, Kalusugan, at Pagpapaunlad na Ekonomiko**
- **Pag-akit ng Negosyo, Tulong, Pagpapaunlad na Ekonomiko**
- **Sining, Kultura at Turismo**
- **Imprastuktura, Maintenance, Pagpondo sa mga Kritikal na Pangangailangan**
- **Pagbago ng Klima at Pagpapanatili ng Kapaligiran**
- **Recruitment, Pagpanatili, Pagpalakas ng mga Serbisyo ng Administratibong Internal**
- **Mga angangailangang ang-operasyon na walang pondo at mga mahalagang pagbagago ng mgakakulangan.**

Binigyan ng konsiderasyon ng mga pagpopondong ito ang mga priyoridad ng Konseho ng Lungsod pati na rin ang feedback ng komunidad na natanggap mula sa mga residente nung panahon ng proseso ng pagbuo ng budget. Itong Community Budget Book ay nagbibigay ng mga highlight na may komprehensibo at detalyadong impormasyon na maaaring mahanap sa buong budget book na maaaring makuha online. Ang taunang budget ng Lungsod ay isa sa pinakamahalagang dokumento ng patatakara na ginagawa ng mga Lungsod, kaya salamat sa inyong interest sa FY23 Budget at inaasahan ko na makibalita sa inyo habang aming tinatapos ang budget. Nanatili akong kampante at may malaking pag-asa na samasama tayong magtatag ng Long Beach na ligtas, masigla at umuunlad.

Thomas B. Modica
City Manager

MGA HIGHLIGHTS NG PANUKALANG BUDGET NG FY23

PARA SA KOMPLETONG LISTAHAN, TIGNAN ANG BUONG BUDGET BOOK NA NANDITO: LONGBEACH.GOV/FINANCE

PAGTUGON SA KAWALAN NG KABAHAYAN

Paghanap ng mga lokal a solusyon para sa krisis ng kawalan ng kabahayan na patuloy na isang mataas na priyoridad para sa Long Beach, na magpapakinabang sa Lungsod, County, Estado, and mga pagkukunan ng pondong Pederal. Sinusportahan ng budget ang kasalukuyang mga serbisyo at nagrerekomenda ng mga pagpapahusay, kasama ang:

- Magdagdag ang pangatlong Restorative Engagement to Achieve Collective Health (REACH) na nagbibigay ng mga serbisyo sa labas ng oras ng trabaho.
- Magdagdag ng dalawang posisyon na counselor na makikipagugnayan sa call center ng Lungsod para mapahusay ang komunikasyon sa mga miyembro ng komunidad at tumugon sa mga nangangailangan ng tulong.
- Isang beses na pondo ng Measure A na $2.1 milyon para sa dalawang taon na outreach at inisyatibo ng paglilinis ng ilog.

KALIGTASAN NG KOMUNIDAD

Ang lungsod ay nangangako sa pagbigay ng ligtas ng komuniad para sa lahat ng residente ng Long Beach at patuloy ang pagsulong sa mga inobasyon at mga pagtugon na may kolaborasyon patungo sa layunin na ito. Mga bagong item na pinapanukala sa Budget ay ang mga:

- Pang isang beses na pondo na $980,000 para sa programa ng pagtugon sa krisis ng komunidad (Community Crisis Response Program) kung saan na isang first responder na hindi armado ay maaaring tumugon sa mga kalusugang mental, abuso ng substance, kalidad ng buhay kaugnay sa 9-1-1 na mga tawag.
- Paglikha ng bagong Collaborative Response at Engagement (CRE) Bureau sa Police Department para magsagawa ng mga makabagong pagtugon na nakapokus sa pagbuo ng makahulugang relasyon sa komunidad, at ang pagdagag ng bagong mga Police Officers (16 Bike Officers at 4 Quality-of-Life Officers) para tumugon sa mga ugat na sanhi ng krimen sa pamamagitan ng mga relasyon na nakabase a modelo ng pagpupulis ng komunidad.

EPAGKAPANTAY-PANTAY, INKLUSYON, KALUSUGAN, AT SUPORTA SA KALIDAD NG BUHAY

Ang lungsod ay nangangako sa pagpataguyod ng mga oportunidad para sa kalusugan, pinansyal na seguridad, at pangkalahatang kalidad ng buhay para sa lahat ng mga residente sa buong Lungsod. Ang Budget ay makakapagdagdag ng pagpondo para masuportahan ang patuloy na pagsisikap sa pagbuo ng mga inklusibo at pantaypantay na Long Beach, kasama ang:

- Buong pagpondo ng isang posisyon na makakapagbigay ng suporta para sa Commission on Women and Girls, Equity at Human Relations Commission, the Justice Fund at suporta para sa patuloy na pagsisikap ng Racial Equity and Reconciliation.
- Dagdagan ang pondong pang estruktura ng $20,000 para sa serbisyo ng pagsalin.
- Pang isang beses na Measure ng Pondo ng US na $511,620 para sa mga kaloob na base sa komunidad at mga Incentives para sa pagpapaunlad ng kabataan.
- Pagdagdag ng estruktural na pagpondo ng $400,000 at pang isang beses na pagpondo na $400,000 para mapabuti ang materyal na budget ng Aklatan, na nagsusuporta sa isang kalokesyon na iba iba at inklusibo.
- Pahusayin ang Animal Care Services sa pamamagitan ng pagangat ng isang Public Health Associate sa isang Assistant Administrative Analyst, magpapabog sa dalawang posisyon ng Clerk sa tatlong Clerk Typist na mga position, at pagdagdag ng apat na General Assitant na posisyon para mapahusay ang pangangasiwa ng mga boluntaryo, pagsuporta sa field at operasyon ng paglisensya at ang pagtulong sa pag implementa ng Compassion Saves Program.

PAG-AKIT NG MGA NEGOSYO, SUPORTA AT PAGPAPAUNLAD EKONOMIKO

Sinusuportahan ang mga negosyo ng Long Beach at tinataguyod ang pagunlad ekonomiko bilang mahalagang bahagi ng estratehiya ng Lungsod sa paglago na kita at patuloy ang pagtungo sa bisyon na pagiging isang lungsod ng oportunidad. Pinapanukala ng budget ang mga bagong pagpopondo para suportahan ang komunidad ng negosyo, kasama ang:

- Pagdagdag ng posisyon na Analyst na magsisilbing tagapagugnay sa negosyo at suportahan ang mga pagsisikap ng outreach sa mga negosyo.
- Pagdagdag ng tatlong posisyon ng Permit Technician para matiyak ang kompletong paglagay ng tao sa Permit Center.
- Pagdagdag ng dalawang posisyon ng Planner para lagyan ng tauhan ang public counter at linya ng zoning

MGA HIGHLIGHTS NG PANUKALANG BUDGET NG FY23
(CONTINUED)

SINING, KULTURA AT TURISMO

Ang Lungsod ay may matatag na kasaysayan ng pagsuporta sa promosyon ng sining, kultura at turismo, at ang FY23 Budget ay nagpapanatili ng kaniyang ma-estratehiyang mga pagpondo sa lugar na ito, may malaking suporta ng Special Advertising at Promotions Fund (SAP). Dagdag pa dito, nagpapanukala ang budget ng mga items ng SAP na pondo para suportahan pa:

- Lumikha nga bagong Pierre H Bureau para mapangasiwa ang operasyon ng Queen Mary at ang pagtaguyod ng mga lugar sa kapaligiran.
- Pagdagdag ng isang Events Coordinator para tumulong sa muling pagbubukas ng Queen Mary.
- Pagdagdag ng isang posisyon ng Analyst para pahusayin ang pangangasiwa ng kontrata ng operasyon para sa Long Beach Convention Center.

INFRASTRUCTURE, MAINTENANCE, AND CRITICAL NEEDS INVESTMENTS

Pagpondo at pagbigay ng priyoridad sa imprastuktura at mga pangangailangan sa maintenance ay mananatiling kritikal na bahagi ng pagsisikap ng Lungsod para malubos ang kasalukuyang pagkukunan para sa mga patuloy na benepisyo sa hinaharap, kasama ang:

- Ang Programa para sa Capital Improvement ng FY23 ng Lungsod ay $177 milyon, di kasali ang Harbor.
- $228 milyon na plano na Measure A para sa imprastuktura, kasama ang $150 milyon mula sa paglabas ng Measure A bonds.
- Isahang beses na pagpondo ng Measure A na may halaga na $1.8 milyon para tanggalin ang mga punong may danyos sa mga park.
- Pagpalit sa 3.5 na posisyon ng armadong Park Ranger sa 12.3 na may budget na hindi armadong mga posisyon bilang bahagi ng bagong Park Safety Ambassador, malinis na mga restroom, at ligtas na playground ground na inisyatibo para madagdagan ang kaligtasan, isara ang mga restroom sa gabi sa buong lungsod, at ang direktang koneksyon sa mga Police Officer kapag dagdag na tulong ay kinakailangan.

PAGBAGO NG KLIMA AT PAGPANATILI NG KAPALIGIRAN

Pagbantay sa mga pagkukunan ng kapaligiran ng Lungsod, paglaban sa mga kahihinatnan ng pagbago ng klima, at pagtulong sa mga iba't ibang mga pagsasagawa ng pagpapanatiling lokal ay mga priyoridad ng Lungsod. Ilang susing mga pagpondo na pinakukala sa Budget ay sinasalamin ang pananagutang ito, kasama ang:

- Paglikha ng bagong Office of Climate Action sa opisina ng City Manager, pagdagdag ng apat na bagong posisyon para sa tutal na 9.3 na posisyon kapag sinama sa kasalukuyang Office of Sustainability.
- Pagdagdag posisyon ng Planner para matulungan maimplementa ang Climate Action Plan ng Lungsod at ang aksyon ng Adaptation Plan..
- Mahigit sa $7 milyon sa AB32 Cap-and-Trade na paglaan na nagsusuporta sa mga proyekto na nagpapakita ng isang pagbawas sa GHG emission at mayroong 83% na pagpondo sa mga may kakulangang at/o mga maliit na kitang mga komunidad.

PAG-RECRUIT, PAGPANATILI, AT PAGPATATAG NG MGA SERBISYO NG ADMINISTRATIBONG PANLOOB

Mga organisasyon sa buong bansa ay hinaharap ang Great Resignation, isang kaganapan na nagpapakita ng karamihan ng mga tao na umalis sa kanilang mga trabaho sa panahon ng pandemya. Kasama sa Budget ng FY23 ang mga pagpondo para matulungan ang Long Beach sa pagsuporta sa pag-recruit at mga pagsisikap sa pagpanatili, kasama ang:

- Pagdagdag ng dalawang posisyon ng Personell Analyst at isang posisyon ng Personal Assistant sa Civil Service Department para mapahusay ang pag-empleyo ng tauhan.
- Pagdagdag ng posisyon na Personal Analyst sa Human Resources para makapokus sa klasipikasyon at pagbayad.
- Pagdagdag ng podnong pang estruktura na $104,317 para sa Learning Management System para sa pagpaunland ng tauhan ng lungsod at training.

WALANG PONDO NA MGA PANGANGAILANGANG PANG OPERASYON AT MGA MAHALAGANG KAKULANGAN NG PAGPAPAHUSAY

Bilang bahagi ng mga balita ng FY23 Base Budget, ang Lungsod ay nakapagtugon patungo sa pagpondo ng ilang sa mga walang pondo o kulang sa pondo na at pangmatagalan na mga pagkukulang ng Lungsod, kasama ang $300,000 para mapayagan ang pagpanatili ng berde, ligtas, at malusog na mga espasyo ng ating mga pampublikong lugar; $465,000 para makamit ang antas ng pagbawas ng mga ligaw na mga halaman na may alternatibong mga herbicides, at $499,258 para sa mga gastos na medikal na kinakailangan ng Animal Care Services Bureau at Compassion Saves Program.

PAGTANAW SA HINAHARAP

ThAng situwasyon ng pagkukulang nga pangkalahatang pondo ng FY23 ay halos $20.2 milyon at $4.9 milyon ng pinanukalang pang isang beses na pansamantalang lulutas na may kasamang pang isang beses na solusyon kasama ang pondo galing sa Long Beach Recovery Act at mga reserbe para mapagaan ang epekto ng litigasyon ng pagkukulang ng Measure M. Itong pang isang beses na solusyon at ang Lungsod ay kailangang tugunan ang mga pagkukulang sa FY23 na kasulukuyang tinatantya sa $25.6. Ang City Manager ay magsasagawa ng plano para makapaghanda sa mga hinaharap ng mga balakid sa budget at makikipagtrabaho sa Mayor, Konseho ng Lungsod, at sa komunidad nang mahusay na makapaghatid ng serbisyo na may masinop na pagsasagawa.

PAGUNAWA NG MGA PONDO NG BUDGET NG LUNGSOD

ANG LUNGSOD AY MAY 36 NA GA PONDONG PAGBUDGET

Ang General Fund, na nasa 21 porsiyento ng budget (halos $670 milyon)ay isang kumpleto na pondo at nagsusuporta sa halos lahat ng mga serbisyo na naguugany ng mga tao sa Lungsod, tulad ng mga trabahong pampubliko, kaligtasan ng publiko, at mga park at aklatan. Ang labing tatlompunglimang mga pondo ay bumubuo sa karamihan nga budget ng Lungsod at para lamang sa mga partikolar na serbisyo ayon sa batas. Ang mga pondong ito ay mailalagay sa mga sumusunod na mga kategorya:

PONDO NG ENTERPRISE: $1.2 BILYON

Itong mga pondo an tumatakbo na parang negosyo na sumisingil para sa mga serbisyo, tulad ng Airport, Harbor at Tubig.

PONDO NG TIDELAND: $236 MILYON

Itong mga pondo ay sinusportahan ang operasyon at mga proyekto sa mga beach, pinondohan mula sa kita ng langis, mga paglipat mula sa Harbor, bayad sa Marina at iba pa.

PONDO NG SERBISYO NG UTANG: $35 MILYON

Itong mga pondo ay para sa kabayaran ng mga utang ng gobyerno

ESPESYAL NA MGA PONDO: $247 MILYON

Ang mga pondong ito ay para sa mga aktibidad na binayaran ng Estado at mga pederal na kaloob, buwis, o mga takdang kita na para sa mga dahilang espesyal, tulad ng Health Fund

PONDO NG CAPITAL PROJECTS : $180 MILYON

Itong mga pondo ay para sa pagplano, disenyo, at konstruksyon ng mga mahalagang capital improvements; pinondohan ng pederal, estado at mga kaloob ng county, bayad sa epekto, at paglipat kasama mula sa Measure A

PANLOOB NA SERBISYO NA MGA PONDO: $607 MILYON

Sinasama ng pondong ito ang mga serbisyong panloob na bigay ng mga departamento ng Lungsod na may mga singilin para sa mga departamento ng serbisyo; kasama ang Fleet and mga Insurance Funds.

PAGUNAWA NG GENERAL FUND

Bawat taon, mayroong pagpondo para suportahan ang serbisyo na pabagobago ng Lungsod. Ang karamihan ng General Fund ay binubuo ng mga kita sa buwis, at ang pinakmahalagang mga gastos ang mga empleyado na naghahatid ng serbisyo ng Lungsod. Ang mga numero sa ibaba ay sinasalamin ang tinantyang bahagi ng bawat pagkukunang ng kita at kategorya ng gastusin bawat taon.

MGA PAGKAKAKITAAN



BALANGKAS NG GASTOS



NOTES:

Makilahok sa proseso ng pagbuo ng FY23 Budget

- Magpunta sa mga Pagdinig ng Budget at miting ng Konseho
- Magpunta sa mga miting ng Budget Oversight Committee
- Sumali sa Birtwal na mga Miting ng Komunidad
- Kumpletuhin ang Digital Budget Card

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa budget bumisita sa: longbeach.gov/finance

City of Long Beach
411 W. Ocean Blvd.
Long Beach, CA 90802

Bumisita sa www.longbeach.gov

@LongBeachCity

Para makahiling ng impormasyon sa isang pormat na alternatibo o humiling ng makatwirang akomodasyon, kontakin ang Financial Management sa 56.570.6225. May minimum na tatlong (3) ang hinihiling para matiyak na mayroon. Makatwirang pagtangka ay gagawin na mapaunlakan ang hiling na ginawa ng menos sa tatlong (3) araw.ys.